NSW Health

# Impeksyon na Tuberkulosis (TB)

## Tuberculosis (TB) Infection

Filipino

## Ano ang impeksyon na tuberkulosis (TB)?

Ang tuberkulosis (TB) ay isang impeksyon na sanhi ng mga mikrobyong TB. Ang TB ay ikinakalat sa pamamagitan ng hangin.

Posibleng magkaroon ng mga mikrobyong TB sa iyong katawan at hindi magkakasakit. Ito ay tinatawag na impeksyon na TB, latent TB infection (nakatagong impeksyon ng TB), or 'natutulog' na TB. Hindi mo maaaring ihawa ang natutulog na TB sa ibang tao.

Kung mayroon kang impeksyon na TB, dapat mong ipaalam sa sinumang doktor na pagkunsultahan mo. Papanatilihin nilang kompidensyal ang impormasyon na ito. Hindi mo kailangang sabihin ito sa iba pang tao.

Ang impeksyon na TB ay iba sa sakit na TB (health.nsw.gov.au/Infectious/tuberculosis/Pages/tuberculosis-factsheets-languages.aspx). Ang sakit na TB ay nangyayari kung magigising ang mga mikrobyong TB o dadami ang bilang at magkakasakit ka. Kung mangyayari ito at ang sakit na TB ay nasa loob ng iyong mga baga, ang mga mikrobyo ay maaaring maikalat sa ibang tao. Kabilang sa mga maaaring sintomas ng sakit na TB ay ang pag-ubo, lagnat, pagpapawis sa gabi at mabilis na pamamayat.

## Paano ko malalaman na mayroon akong impeksyon na TB?

Upang malaman kung mayroon kang impeksyon na TB, maaaring hilingin ng iyong doktor o nars na magpasuri ka. May dalawang uri ng pagsusuri na maaari nilang hingin, isang:

- Pagsusuri ng dugo para sa TB (na kilala rin na QuantiFERON Gold o IGRA), o
- tuberculin na pagsusuri sa balat (na kilala rin na isang pagsusuring TST o Mantoux). Ito ay isang maliit na iniksyon sa balat sa may baraso.

## Magkakasakit ba ako ng TB?

Susubukang labanan ng iyong naturalesa (immune system) ang mga mikrobyong TB. Maaari nitong mapigilan kang magkaroon ng sakit na TB.

Mga 1 sa bawat 10 tao na may impeksyon na TB ay magkakaroon ng sakit na TB. Maaari itong mangyari sa loob ng ilang mga buwan, ngunit maaaring maraming taon pagkatapos kang unang magkaimpeksyon ng mga mikrobyong TB.

© NSW Ministry of Health. SHPN (CDB) 240410-6. May 2024

Mas nanganganib na maging sakit na TB ang iyong impeksyon na TB kung ikaw:

- ay napakabatang edad (mas mababa sa 5 taong gulang) o mahigit 65 taong gulang.
- may isang sakit na nagpapahina sa iyong naturalesa (immune system) tulad ng dyabetis.
- Umiinom ng gamot na nagpapahina sa iyong naturalesa.
- ay nakakaranas ng isang pahanon ng pagkabahala o pag-aalala dahil ito ay maaaring magpapahina sa iyong naturalesa.

Kung nababahala ka, dapat na pag-usapan ang iyong panganib na magkaroon ng sakit na TB sa iyong doktor.

Maaaring irekomenda ng iyong doktor ang pag-inom ng espesyal na antibiotics upang pigilan ang sakit na TB, o regular na pagmamanman ng na pag-x-ray sa dibdib (health.nsw.gov.au/tb-cxr-monitoring) upang tulungang maagang mahanap ang anumang mga palatandaan ng sakit na TB.

## Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa TB, bisitahin ang health.nsw.gov.au/tb

Para sa libreng tulong sa iyong wika, tumawag sa Serbisyo sa Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete (TIS) sa 13 14 50.

© NSW Ministry of Health. SHPN (CDB) 240410-6. May 2024